

Modyul 10

Pagsusuri sa mga Akda Batay sa Teoryang Realismo at Romantisismo



Tungkol saan ang modyul na ito?

Kinukumusta kitang muli. Alam kong marami ka nang natutuhan sa mga modyul na iyong pinag-aralan. Sana’y malaki ang naitutulong nito sa iyo hindi lamang sa aspetong pangkaisipan kundi sa aspeto ring moral sa mga pagpapahalagang huhubog sa iyong katauhan.

Alam mo bang pumili na naman ako ng mga panibagong kuwentong iyong babasahing may kakaibang tema? Nabiktima ka na ba ng kawalang-katarungan? Damayan mo ang ating pangunahing tauhan sa kuwentong “Tata Selo” na sinulat ng premyadong kuwentistang si Rogelio Sikat sa kanyang mga hinaing. Sino ba naman ang hindi manlulumo sa kapalarang kanyang sinapit? Napatay niya ang may-ari ng lupang kanyang sinasaka dahil sa pananakit nito sa kanya nang pinaalis ito sa lupang kanyang sinasaka. Pinagsamantalahan din ng kabesa ang kanyang anak at muling naulit sa kamay ng Alkalde. Kapana-panabik ang mga pangyayari at tiyak na mababagabag ang iyong damdamin.

Kasama rin ng modyul na ito ang isa pang maikling kuwentong napapanahon ang paksa. Umiikot ang kuwento sa mga tauhang babae at lalaking naging magkababata. Larawan sila ng kawalang-malay at mistulang naging paraiso ang daigdig na kanilang inikutan. Ngunit magkakaroon ng pagbabagong ikagugulat mo sa kasukdulan ng kuwento. Tiyak na naghihinayang ka. Tuklasin mo ang mangyayari sa dalawang tauhan. Ang pamagat ng kuwento ay “Sa Bagong Paraiso” na sinulat ni Efren R. Abueg.

Marahil, nahasa ka na sa mga gawain sa pagsusuri. Makatutulong nang malaki sa lubusan mong pagkakatuto sa mga akdang iyong babasahin ang mga gawaing panlinggwistika, pangnilalaman at pampanitikan. Kasama na rin dito ang iba’t ibang gawain sa pagkatuto. Sikapin mong masagutan ang lahat ng mga ito. Tandaan mong maaari ring makatulong ang iyong mga napag-aralan, naobserbahan, naranasan at natutuhan.

Makatutulong sa iyo ang pagsagot sa modyul na ito. Pinadali ko lamang ang mga gawain. Kaya mo ito. Pagbutihin mo!



Ano ang matututunan mo?

Nailalapat ang mga batayang kaalaman sa kasanayan sa mapanuring pagbasa sa iba’t ibang genre ng panitikan.



Paano mo gagamitin ang modyul na ito?

Malaki ang maitutulong sa iyo ng modyul na ito. Higit na magiging maayos at kapaki-pakinabang ang iyong pag-aaral kung susundin mo ang mga panuto o tuntunin sa paggamit nito. Ito’y sadyang inihanda para sa madali mong pagkatuto.

1. Sagutin mo nang maayos ang panimulang pagsusulit sa bahaging “Ano ba ang alam mo?” Susukatin nito ang iyong kaalaman tungkol sa aralin.
2. Iwasto mo ang iyong mga sagot. Hingiin mo ito sa iyong mga guro. Kung marami kang mali; huwag kang mag-alala.
3. Basahin at pag-aralan mong mabuti ang mga akda. Isagawa mo ang mga kaugnay na gawain. Mababasa mo kung paano ito gagawin.
4. Sagutin mo ang pangwakas na pagsusulit sa bawat aralin at ganoon din ang pagsubok sa kabuuan sa “Gaano Ka na Kahusay.” Kunin mo muli sa iyong guro ang Susi sa Pagwawasto. Maging matapat ka sa pagwawasto.
5. Tulad ng nasabi ko, kaibigan mo ang modyul na ito. Huwag mong sulatan at ingatang huwag masira.



Ano na ba ang alam mo?

Panuto: Basahin at unawaing mabuti ang isinasaad sa bawat pangungusap. Piliin at isulat ang titik ng tamang sagot.

1. “Binabawi po niya ang aking saka. Binabawi niya ang aking saka kaya tinaga ko siya.” Ang pag-uulit ng salitang may salungguhit ay nakatulong upang
 - a. mabigyang-katarungan ang kanyang ginawang pagpatay
 - b. maghugas-kamay sa kasalanan
 - c. makaligtas sa kasalanan
 - d. mapakinggan ang pangunahing tauhan
2. “Ay! tinungkod po niya ako nang tinungkod. Ay! tinungkod ako.” Tatlong ulit na ginamit ang salita upang ito’y maging
 - a. kapani-paniwala
 - b. kumplikado ang sitwasyon
 - c. madamdamin ang pangyayari
 - d. makatotohanan

3. Ang paraisong alam natin ay ang pamagat ng akda. Ang “Sa Bagong Paraiso” ay ginamitan ng
- pagtutulad
 - pagkokontrast
 - paghahambing
 - pagwawangis

Bigyang-reaksyon ang sumusunod na pangungusap. Isulat kung sang-ayon o di sang-ayon.

4. Ang ginawang pagtatanggol ni Tata Selo sa sarili kung bakit niya pinatay si Kabesang Tano.
5. Ang ginawang pakikiusap ni Tata Selo kay Kabesang Tanong upang huwag siyang paalisin dahil kaya pa niyang magsaka.
6. Nakatutulong sa ikagaganda o aystetik na katangian ng isang akda ang istilo ng sumulat.
7. Nataas ng posisyon ang hepe ng pulis dahil kay Kabesang Tano. Ito’y isang halimbawa ng pananaw na
- klasisismo
 - romantisismo
 - naturalismo
 - realismo
8. “At ang pamumulaklak at pamumunga ng mangga, santol at sinigwelas at ng iba pang punungkahoy o halaman sa loobang iyon ay nagpatuloy. Ang damuhan ay natuyo at muling sinibulan ng bagong supling, ang araw ay lumubog at sumikat at hindi pa rin nagbabago ang kulay ng silahis niyon kung dapithapon”. Ito ay halimbawa ng teoryang
- naturalismo
 - klasisismo
 - imahismo
 - romantisismo
9. Sa mga pangyayaring naganap sa buhay ni Tata Selo, ang katangiang nangibabaw sa kanya ay
- pagiging matatag sa panahon ng kagipitan
 - mapagpasensyang tao
 - mapagbigay sa kapwa
 - magalang sa nakatataas
 - lahat ay tama

10. Ang maagang pakikipagrelasyon ng mga kabataang wala pa sa wastong gulang ay walang buting idudulot
- sang-ayon
 - di sang-ayon
 - walang batayan
 - isang paniniwala

I. ARALIN I: TATA SELO

A. Anu-ano ang mga tiyak na matututunan mo?


Matapos mong basahin ang akda, inaasahang matatamo ang mga sumusunod na kasanayan:

1. Nakikilala ang bisa ng pag-uulit-ulit ng mga salita sa kabuuan at kasiningan ng akda
2. Nabibigyang-reaksyon ang pagkakabuo ng akda batay sa mga kaisipan tungkol sa mga pangyayari
3. Naihahanay ang mga tiyak na bahaging akda na may realismong pananaw
4. Nailalahad ang mga palagay sa kahalagahan ng pagiging matatag sa pagharap sa mga pagsubok
5. Nakabubuo ng talatang may magkakaugnay na ideya

Mga Gawain sa Pagkatuto

1. Alamin Mo...

Panuto: Piliin mo sa ibaba ang mga salitang maaari mong iugnay sa larawan.



Mga Salitang Pagpipilian:

pagkakapantay-pantay

katarungan

panukat

kalayaan

walang kinikilingan

batas

Kayang-kaya ba? Unawain mo lamang mabuti ang bawat gawain. Tiyak na masasagutan mo ang mga ito. Kunin mo sa iyong guro ang Susi ng Pagwawasto. Iwasto mo ang iyong mga sagot.

2. Basahin Mo...

Isang panibagong akda muli ang iyong babasahin. Gaya nga ng sinabi ko sa unahan ng modyul na ito, maiibigan mo itong basahin. Pupukawin nito ang iyong damdamin at tiyak na maapektuhan ka sa nangyari sa ating pangunahing tauhan. Unawain mo ang bawat pangyayari. Sana'y maibigan mo ang kuwento.

Tata Selo ni Rogelio R. Sikat

Maliit lamang ang kulumpon ng mga taong nasa bakuran ng munisipyo, ngunit ng tumaas ang araw, at kumalat na ang balitang tinaga at napatay si Kabesang Tano, ay napuno na ang bakuran ng bahay-pamahalaan.

Naggigitgitan ang mga tao, nagsisiksikan, nagtutulakan – bawat isa’y naghahangad makalapit sa istaked.

“Totoo ba, tata Selo?”

“Binabawi niya ang aking saka kaya tinaga ko siya.”

Nasa loob ng istaked si Tata Selo. Mahigpit na nakahawak sa rehas. May nakaalsang putok sa noo. Nakasungaw ang luha sa malabo at tila lagi na lamang may inaaninaw na mata. Kupas ang gris niyang suot, may mga tagpi na ang siko at paypay. Ang kutod niyang yari sa matibay na supot ng asin ay may bahid ng natuyong putik. Nasa harapan niya at kausap ang isang magbubukid, ang kanyang kahangga, na isa sa nakalusot sa mga pulis na sumasawata sa nagkakagulong tao.

“Hindi ko ho mapaniwalaan, Tata Selo.” Umiiling na wika ng kanyang kahangga, “talagang hindi ko ho mapaniwalaan.”

Hinahaplos-haplos ni Tata Selo ang ga-dali at natuyuan na ng dugong putok sa noo. Sa kanyang harapan, di kalayuan sa istaked, ipinagtutulakan ng mga pulis ang mga taong ibig makakita sa kanya. Mainit ang sikat ng araw na tumatama sa mga ito, walang humihip na hangin at sa kanilang ulunan ay nakalutang ang nasasalisod na alikabok.

“Bakit niya babawiin ang aking saka?” tanong ni Tata Selo. “Dinaya ko na ba siya sa partihan? Tinuso ko na ba siya? Siya ang may-ari ng lupa at kasama lang niya ako. Hindi ba’t kaya maraming nagagalit sa akin ay dahil ayaw kong magpamigay ng kahit isang pangko kung anihan?”

Hindi pa rin umaalis sa harapan ng istaked si Tata Selo. Nakahawak pa rin siya sa rehas. Nakatingin siya sa labas ngunit wala siyang sinumang tinitingnan.

“Hindi mo na sana tinaga ang kabesa,” anang binatang anak ng pinakamayamang propitaryo sa San Roque, na tila isang magilas na pinunong-bayang nakalalakad sa pagitan ng maraming tao at istaked. Mataas ito, maputi, nakasalaming may kulay at nakapamaywang habang naninigarilyo.

“Binabawi po niya ang aking saka,” sumbong ni Tata Selo. “Saan pa po ako pupunta kung wala na akong saka?”

Kumumpas ang binatang mayaman. Hindi katwiran iyan para tagain mo ang kabesa. Ari niya ang lupang sinasaka mo. Kung gusto ka niyang paalisin mapaaalis ka niya ano mang oras.” Halos lumabas ang mukha ni Tata Selo sa rehas.

“Ako po’y hindi ninyo nauunawaan,” nakatingala at nagpipilit ngumiting wika niya sa binatang nagtapon ng sigarilyo at mariing tinapakan pagkatapos. “Alam po ba ninyong dating amin ang lupang iyon? Naisangla lamang po ng magkasakit ang aking asawa, naembargo lamang po ng kabesa. Pangarap ko pong bawiin ang lupang iyon, kaya nga po ako hindi nagbibigay ng kahit isang pangko kung anihan. Kung hindi ko na po mababawi, masasaka ko man lamang po. Nakikiusap po ako sa kabesa kangina. ‘Kung maaari po sana ‘Besa,’ wika ko po, ‘kung maaari po sana huwag ninyo akong paalisin. Kaya ko pa pong magsaka, ‘Besa. Totoo pong ako’y matanda na, ngunit ako pa nama’y malakas pa. Ngunit. Ay! tinungkod po niya ako ng tinungkod, tingnan po n’yong putok sa aking noo, tingnan po n’yo.”

Dumukot ng sigarilyo ang binata. Nagsindi ito at pagkaraa’y tinalikuran si Tata Selo at nilapitan ang isang pulis.

“Pa’no po bang nangyari, Tata Selo?”

Sa pagkakahawak sa rehas napabaling si Tata Selo. Nakita niya ang isang batang magbubukid na nakalapit sa istaked. Nangiti si Tata Selo. Narito ang isang magbubukid o anak-magbubukid, na maniniwala sa kanya. Nakataas ang malapad na sumbrerong balanggog ng bata. Nangungulintab ito, ang mga bisig at binti ay may halas. May sukbit itong lilik.

“Pinuntahan niya ako sa aking saka, amang,” paliwanag ni Tata Selo. “Doon ba sa may sangka. Pinaaalisan ako sa aking saka, ang wika’y iba na raw ang magsasaka. Nang makiusap ako’y tinungkod ako. Ay! tinungkod ako, amang. Nakikiusap ako sapagkat kung mawawalan ako ng saka ay saan pa ako pupunta?”

“Wala na nga kayong mapupuntahan, Tata Selo.”

Gumapang ang luha sa pisngi ni Tata Selo. Tahimik na nakatingin sa kanya ang bata.
“Patay po ba?”

Namuti ang mga kamao ni Tata Selo sa pagkakahawak sa rehas. Napadukmo siya sa balikat.

“Pa’no po niyan si Saling?” muling tanong ng bata. Tinutukoy nito ang maglalabimpitong anak ni Tata Selo na ulila na sa ina. Katulong ito kina kabesang Tano at kamakalawa lamang umuwi kay Tata Selo. Ginawang reyna sa pista ng mga magbubukid si Saling nang nakaraang taon, hindi lamang pumayag si Tata Selo. “Pa’no po niyan si Saling?”

Lalong humigpit ang pagkakahawak ni Tata Selo sa rehas.

Hindi pa nakakausap ng alkalde si Tata Selo. Mag-aalas-onse na nang dumating ito, kasama ang hepe ng mga pulis. Galing sila sa bahay ng kabesa. Abut-abot ang busina ng dyip na kinasasakyan ng dalawa upang mahawi ang hanggang noo’y hindi pa nag-aalisang mga tao.

Tumigil ang dyip sa di-kalayuan sa istaked.

“Patay po ba? Saan po ang taga?”

Naggitgitan at nagsiksikan ang mga pinagpawisang mga tao. Itinaas ng may katabaang alkalde ang dalawang kamay upang payapain ang pagkakaingay. Nanulak ang malaking lalaking hepe.

“Saan po tinamaan?”

“Sa bibig.” Ipinasok ng alkalde ang kanang palad sa bibig, hinugot iyon at mariing inihagod hanggang sa kanang punong tainga. “Lagas ang ngipin.”

“Lintik na matanda!”

Nagkagulo ang mga tao. Nagsigawan, nagsiksikan, naggitgitan, nagtulakan. Nanghataw ng mga batuta ang mga pulis. Ipinasiya ng alkalde na ipalabas ng istaked si Tata Selo at dalhin sa kanyang tanggapan. Dalawang pulis ang kumuha kay Tata Selo sa istaked.

“Mabibilanggo ka niyan, Selo,” anang alkalde pagpasok ni Tata Selo sa kanyang tanggapan.

Pinaupo ng alkalde ang namumutlang si Tata Selo. Umupo si Tata Selo sa silyang nasa harap ng mesa. Nanginginig ang kamay ni Tata Selo ng ipatong niya iyon sa nasasalaminang mesa.

“Pa’no nga bang nangyari?,” kunot-noo at galit na tanong ng alkalde.

Matagal bago nakasagot si Tata Selo.

“Binabawi po niya ang aking saka, Presidente,” wika ni Tata Selo. “Ayaw ko pong umalis doon. Dati pong amin ang lupaing iyon, amin po, naisangla lamang po at naembargo.”

“Alam ko na iyan,” kumukumpas at umiiling na putol ng nabubugnot na alkalde.

Lumunok si Tata Selo. Nang muli siyang tumingin sa presidente, may nakasungaw na luha sa kanyang malalabo at tila lagi nang may inaaninaw na mata.

“Ako po naman, Presidente, ay malakas pa,” wika ni Tata Selo. “Kaya ko pa pong magsaka. Makatwiran po bang paalisin ako? Malakas pa po naman ako, Presidente, malakas pa po.”

“Saan mo tinaga ang kabesa?”

Matagal bago nakasagot si Tata Selo.

“Nasa may sangka po ako nang dumating ang kabesa. Nagtatapal po ako ng pitas na pilapil. Alam ko pong pinapanuod ako ng kabesa, kung kaya po nama’y pinagbuti ko ang paggawa, para malaman niyang ako po’y talagang malakas pa, na kaya ko pa pong magsaka. Walang anu-ano po, tinawag niya ako at nang ako po’y lumapit, sinabi niyang makaaalis na ako sa aking saka sapagkat iba na ang magsasaka.

“Bakit po naman, ‘Besa?’ tanong ko po. Ang wika’y umalis na lang daw po ako. ‘Bakit po naman, ‘Besa?’ tanong ko po uli, ‘malakas pa naman po ako, a’ Nilapitan po niya ako. Nakiusap pa po ako sa kanya, ngunit ako po’y... Ay! tinungkod po niya ako ng tinungkod.”

“Tinaga mo na no’n,” anang nakamatyang na hepe.

Tahimik sa tanggapan ng alkalde. Lahat ng tingin – may mga eskribiyente pang nakapasok doon – ay nakatuon kay Tata Selo. Nakayuko si Tata Selo at gagalaw-galaw ang tila mamad na daliri sa ibabaw ng maruming kutod. Sa pagkakatapak sa makintab na sahig, hindi mapalagay ang kanyang may putik, maalikabok at luyang paa.

“Ang iyong anak, na kina kabesa raw?,” usisa ng alkalde.

Hindi sumagot si Tata Selo.

“Tinatanong ka,” anang hepe.

Lumunok si Tata Selo.

“Umuwi na po si Saling, Presidente.”

“Kailan?”

“Kamakalawa po ng umaga.”

“Di ba’t kinakatulong siya ro’n?”

“Tatlong buwan na po.”

“Bakit siya umuwi?”

Dahan-dahang umangat ang mukha ni Tata Selo. Naiiyak na napayuko siya.

“May sakit po siya.”

Nang sumapit ang alas-dose – inihudyat iyon ng sunud-sunod na pagtugtog ng kampana sa simbahan na katapat lamang ng munisipyo – ay umalis ang alkalde upang mananghalian. Naiiwan si Tata Selo, kasama ang hepe at dalawang pulis.

“Napatay mo pala ang kabesa,” anang malaking lalaking hepe. Lumapit ito kay Tata Selo na nakayuko at di pa tumitinag sa upuan.

“Binabawi po niya ang aking saka,” katwiran ni Tata Selo.

Sinapok ng hepe si Tata Selo. Sa lapag halos mangudong si Tata Selo.

“Tinungkod po niya ako nang tinungkod,” nakatingala, umiiyak at kumikinig ang labing katwiran ni Tata Selo.

Itinayo ng hepe si Tata Selo. Kinadyot ng hepe si Tata Selo sa sikmura. Sa sahig, napaluhod si Tata Selo nakakapit sa unipormeng kaki ng hepe.

“Tinungkod po niya ako nang tinungkod... Ay! tinungkod po niya ako nang tinungkod...”

Sa may pinto ng tanggapan, naaawang nakatingin ang dalawang pulis.

“Si Kabesa kasi ang nagrekomenda kay Tsip, e,” sinasabi ng isa nang si Tata Selo ay tila damit na nalaglag sa pagkakasabit ng muling pagmalupitan ng hepe.

Mapula ang sumikat na araw kinabukasan. Sa bakuran ng munisipyo nagkalat ang papel na naiwan nang nagdaang araw. Hindi pa namamatay ang alikabok, gayong sa pagdating sa buwang iyo’y dapat nang mag-uulan. Kung may humihihip na hangin, may mumunting ipu-ipong nagkakatat ng mga papel sa itaas.

“Dadalhin ka siguro sa kabesera, Selo,” anang bagong paligo at bagong bihis na alkalde sa matandang nasa loob ng istaked. “Doon ka siguro ikukulong.”

Wala ni papag sa loob ng istaked at sa maruming sementadong lapag nakasalampak si Tata Selo. Sa paligid niya’y may natutuyong tamak-tamak na tubig. Nakaunat ang kanyang maiitim at hinahalas na paa at nakatukod ang kanyang tila walang butong mga kamay. Nakakiling nakasandal siya sa *steel matting* na siyang panlikurang dingding ng istaked. Sa malapit sa kanyang kamay, hindi nagagalaw ang sartin ng maitim na kape at isang losang kanin. Nilalangaw iyon.

“Habang-buhay siguro ang ibibigay sa iyo,” patuloy ng alkalde. Nagsindi ito ng tabako at lumapit sa istaked. Makintab ang sapatos ng alkalde.

“Patayin na rin ninyo ako, Presidente.” Paos at bahagya nang marinig si Tata Selo. “Napatay ko po ang kabesa, patayin na rin ninyo ako.”

Takot humipo sa maalikabok na rehas ang alkalde. Hindi niya nahipo ang rehas ngunit pinagkiskis niya ang palad at tiningnan kung may alikabok iyon. Nang tingnan niya si Tata Selo, nakita niyang lalo nang nakiling ito. May mga tao namang dumarating sa munisipyo. Kakaunti iyon kaysa kahapon. Nakapasok ang mga iyon sa bakuran ng munisipyo, ngunit may kasunod na pulis. Kakaunti ang magbubukid sa bagong langkay na dumating at titingin kay Tata Selo. Karamihan ay mga taga-poblacion. Hanggang noo’y bawat isa’y nagtataka, hindi makapaniwala, gayong kalat na ang balitang ililibing kinahapunan ang kabesa. Nagtataka at hindi makapaniwalang nakatingin sila kay Tata Selo na tila isang di-pangkaraniwang hayop na itinatanghal.

Ang araw, katulad kahapon ay maiinit na naman. Nang magdadakong alas-dos, dumating ang anak ni Tata Selo. Pagkakita sa lugmok na ama, mahigpit itong napahawak sa rehas at malakas na humagulgol.

Nalaman ng alkalde na dumating si Saling at ito’y ipinatawag sa kanyang tanggapan. Dinagtagal at si Tata Selo naman ang ipinakaon. Dalawang pulis ang umalalay kay Tata Selo. Nakita niya ang babaing nakaupo sa harap ng mesa ng presidente.

Nagyakap ang mag-ama pagkakita.

“Hindi ka na sana naparito, Saling,” wika ni Tata Selo na napaluhod. “May sakit ka, Saling, may sakit ka!”

Tila tulala ang anak ni Tata Selo habang kalong ang ama. Nakalugay ang walang kintab niyang buhok, ang damit na suot ay tila yaong suot pa nang nagdaang dalawang araw. Matigas ang kanyang namumutlang mukha. Pinapaglilipat-lipat niya ang tingin mula sa nakaupong alkalde hanggang sa mga nakatinging pulis.

“Umuwi ka na, Saling,” hiling ni Tata Selo. “Bayaan mo na... bayaan mo na. Umuwi ka na, anak. Huwag, huwag ka nang magsasabi...”

Tuluyan nang nalungayngay si Tata Selo. Ipinabalik siya ng alkalde sa istaked. Pagkabalik sa istaked, pinanood na naman siya ng mga tao.

“Kinabog kagabi,” wika ng isang magbubukid. “Binalutan ng basang-sako, hindi nga halata.”

“Ang anak, dumating daw?”

“Naki-mayor.”

Sa isang sulok ng istaked iniupo ng dalawang pulis si Tata Selo. Napasubsob si Tata Selo Pagkaraang siya’y maiupo. Ngunit nang marinig niyang muling ipinapakaw ang pintong bakal ng istaked, humihilahod na ginapang niya ang rehas, mahigpit na humawak doon at habang nakadapa’y ilang sandali ring iyo’y tila huhutukin. Tinawag niya ang mga pulis ngunit paos siya at malayo na ang mga pulis. Nakalabas ang kanang kamay sa rehas, bumagsak ang kanyang mukha sa sementadong lapag. Matagal siyang nakadapa bago niya narinig na may tila gumigising sa kanya.

“Tata Selo... Tata Selo...”

Umaangat ang mukha ni Tata Selo. Inaaninaw ng may luha niyang mata ang tumatawag sa kanya.

Iyon ang batang dumalaw sa kanya kahapon.

Hinawakan ng bata ang kamay ni Tata Selo na umabot sa kanya.

“Nando’n, amang, si Saling sa Presidente,” wika ni Tata Selo. “Yayain mo nang umuwi, umuwi na kayo. Puntahan mo siya, amang. Umuwi na kayo.” Muling bumagsak ang kanyang mukha sa lapag. Ang bata’y saglit na nagpaulik-ulik, pagkaraa’y takot at bantulot ng sumunod...

Mag-iikaapat na ng hapon. Padahilig na ang sikat ng araw, ngunit mainit pa rin iyon. May kapisaso nang lilim sa istaked, sa may dingding na *steel matting*, ngunit si Tata Selo’y wala roon. Nasa init siya, nakakapit sa rehas sa dakong harapan ng istaked. Nakatingin siya sa labas, sa kanyang malalabo at tila lagi nang nag-aaninaw na mata’y tumatama ang mapulang sikat ng araw. Sa labas ng istaked, nakasandig sa rehas ang batang inutusan niya kangina. Sinabi ng bata na ayaw siyang papasukin sa tanggapan n g alkalde ngunit hindi siya pinakinggan ni Tata Selo, na ngayo’y hindi na pagbawi ng saka ang sinasabi.

Habang nakakapit sa rehas at nakatingin sa labas, sinasabi niyang lahat ay kinuha na sa kanila, lahat, ay! Ang lahat ay kinuha na sa kanila...

Naramdaman mo ang damdaming naghari sa kabuuan ng kuwento? Nakatulong nang malaki ang dayalogo upang mapalutang nang ganap ang emosyon ng pangunahing tauhan.

Balikan mo ang mga dayalogo ni Tata Selo mapupuna mong mahilig siyang mag-ulit ng salita `o kaya’y dayalogo.

Ang pag-uulit ng mga salita o kaya’y dayalogo ay isang istilo ng pagsulat ng awtor. Nakatutulong ito nang malaki upang mabigyang – diin ang isang ideya. Isang paraan din ito upang pangibabawin ang emosyong tinataglay ng isang tauhan o damdaming naghahari sa kabuuan ng isang akda.

Ito ang magiging paksa ng una mong gawain, unawain mong mabuti ang bawat halimbawa upang ito’y iyong masagot. Kung hindi mo kaagad masagot, basahin mo muli.

Handa ka na ba? Simulan mo na.

3. Linangin mo....

a. Pagsusuri ng Panlinggwistika

Panuto: Basahin mo at unawain ang mga pahayag. Piliin mo at isulat sa iyong sagutang papel ang mga salitang nakatulong upang mabigyang diin ang bawat pahayag.

1. “Binabawi niya ang aking saka kaya tinaga ko siya. Bakit niya babawiin?”
2. “Binabawi po niya ang aking saka, Binabawi po niya ang aking saka, Presidente.”
3. “Tinungkod po niya ako nang tinungkod.”
4. “Ay! Tinungkod po niya ako. Ay! Ang lahat ay kinuha na sa atin.”
5. “Umuwi ka na Saling. Umuwi ka na anak.”

Marami ka nang mga natutuhang kaalaman, mababatid mo ang isang maikling talambuhay ng may – akda ng kuwentong iyong binasa. Siya ay walang iba kundi si Rogelio R. Sikat.

Si Rogelio R. Sikat ay napabilang sa lipon ng kabataang manunulat na tumatawag ng pansin dahil sa matalik na pakikiisa sa diwang sosyal na sumisigid sa kasalukuyang kapaligiran. Alam mo bang may pagkiling siya sa mga taong aba o api at mga taong biktima ng kahirapan? Kaya naman, ito ang madalas na maging paksa ng kanyang mga sinusulat. Tiyak na nabasa mo ang mga kuwentong Impeng Negro at Moses, Moses. Siya ang sumulat ng mga ito. Matatas siyang managalog. Ito ang naging dahilan upang makabuo siya ng mga pangungusap na maaanyo. Gumagamit siya ng mga salitang tiyak at angkop. Higit sa lahat, naipakikita niya ang kanyang talas na pangmasid sa kanyang matapat na paglalarawang – tauhan.

Panibagong kaalaman na naman ang iyong natutuhan. Sikapin mong makabasa pa ng ibang akdang sinulat niya.

Ang susunod mong gawain ay susukat muli ng iyong kakayahan. Huwag kang matakot. Mahahango mo sa iyong akdang binasa ang mga kasagutan. Lagi mo lamang uunawain ang isinasaad ng panuto.

Handa mo na bang sagutin ang susunod na gawain? Pagbutihin mo!

b. Pagsusuring Pangnilalaman

Panuto: Basahin mo at unawain ang mga pangyayari. Isulat ang **M** kung makatuwiran at **DM** kung di makatuwiran.

- _____ 1. Pagpapaalis ni Kabesang Tano kay Tata Selo sa lupang sinasaka gayong kaya pa nitong magsaka
- _____ 2. Pagpasok ni Saling bilang katulong sa bahay ng Kabesa
- _____ 3. Pagpapauwi ni Tata Selo kay Saling sa takot na may masama pang mangyari rito
- _____ 4. Pagyurak sa pagkababae ni Saling ng Kabesa at alkalde
- _____ 5. Pagbisita ng bata kay Tata Selo kasama si Saling sa kulungan

- Nakaya mo bang masagutang lahat ang katatapos na gawain? Okay lamang kung may mali ka.

Sa pamamagitan ng iba't ibang gawain, natututo kang magsuri ng mga akda – panlinggwistika, pangnilalaman at pampanitikan.

Sa kuwentong binasa mo, aalamin mo ngayon ang ideyang makatutulong upang mapahalagahan mo ito. Panibagong teoryang pampanitikan ang iyong pag – aaralan. Ito ay teoryang realismo.

Paano mo makikilala kung ang akda ay may realismong pananaw? Madali lamang sapagkat inilalantad nito ang katotohanan ng buhay sa tao, lipunan at kapaligiran. Naipakikita rin nito ang pakikipag – ugnayan ng tauhan sa kanyang kapwa at lipunan. Higit sa lahat na dapat mong tandaan, nailalahad nito ang bisang pandamdamin at pangkaisipang natamo mula sa akda.

Makatutulong sa iyong pagsagot sa susunod na gawain, ang katatapos na nabasang impormasyon.

Subukin mong sagutin ang gawain sa ibaba.

c. Pagsusuring Pampanitikan

Panuto: Lagyan mo ng tsek (✓) ang tamang hanay sa mga pangyayari sa ibaba.

1. Nagkalat ang papel. Hindi pa namatay ang alikabok.
2. “Binabawi niya ang aking saka kaya tinungkod ko siya.
3. “Alam po ba ninyong dating amin ang lupang iyon. Nasangla po nang magkasakit ang asawa ko, naembargo lang po ng Kabesa”.
4. Takot humipo sa maalikabok na rehas ang alkalde.
5. Nagsiksikan ang mga tao, naggitgitan, nagtutulakan. Bawat isa’y naghahangad makalapit sa istaked.
6. Sinapok ng hepe si Tata Selo. Kinadyot ng hepe si Tata Selo sa sikmura. Naiwang nakatingin ang dalawang pulis. “Si Kabesa kasi ang nagrekomenda kay Tsip.”
7. Nagkasakit si Saling, parang wala sa sarili, tulala. Katulong siya sa bahay ng Kabesa.

May realismong pananaw	Wala

d. Halagang Pangkatauhan

Panuto: Buuin mo ang pahayag sa pamamagitan ng pagpili ng tamang sagot na nakasulat sa ibaba. Isulat mo ang titik sa iyong sagutang papel.

1. Napatunayan kong _____
2. Nalulungkot ako _____
3. Naniniwala akong _____
4. Natutuwa ako _____
5. Naliligayahan ako _____

Mga Pagpipiliang Sagot:

- a. sapagkat may mga taong may paninindigan
- b. ang lahat ng kasamaan ay may katapusan
- c. sapagkat may mga taong ipinakikipaglaban ang karapatan
- d. dahil sa may mga tao pa ring labis na mapang – api sa kapwa
- e. mas matataas ang posisyon dahil sa palakasan.

Madali mo bang naisagawa ang gawain? Kunin mo ang Susi sa Pagwawasto sa iyong guro. Itsek mo ang iyong mga sagot.

4. Palalimin Mo...

Panuto: Isulat mo kung ang bisa ay **pandamdamin** o **pangkaisipan**.


- _____ 1. Ay! Tinungkod po niya ako nang tinungkod.
- _____ 2. Tila tulala ang anak ni Tata Selo habang kalong ng ama. Nakalugay ang walang kintab na buhok, ang damit ay tila yaong suot pa noong nagdaang dalawang araw.
- _____ 3. “Kung gusto ka niyang paalisin, mapaaalis ka niya ano mang oras”.
- _____ 4. Si Tata Selo ay tila damit na nalaglag sa pagkakasabit nang muling pagmalupitan ng hepe.
- _____ 5. “Dinaya ko na ba siya sa partihan? Tinuso ko na ba siya?”

- _____ 6. “Hindi katwiran iyon para tagain ang Kabesa. Hindi mo na sana siya tinaga.”
- _____ 7. Gumapang ang luha sa pisngi ni Tata Selo.
- _____ 8. Pagbalik sa istaked, pinanood na naman siya ng tao.

Nahirapan ka ba? Sa palagay ko ay marami kang tama. Kunin mo sa iyong guro ang Susi sa Pagwawasto. Iwasto mo ang iyong kasagutan.

5. Gamitin Mo...

Panuto: Piliin mo sa ibaba ang limang magagandang katangian ni Tata Selo.



mapagbigay sa kapwa
mahusay na lider mangggagawa
mapagpahalaga sa gawain
matibay ang paninindigan

mapagpunyaging ama
mapagmahal na ama
matapang na tao

Inunawa mo bang lahat ang iyong mga gawain? Sana naman. Ito ay para din naman sa iyo. O, kumusta iyong natapos mong gawain? Kayang – kaya, di ba? Hingin mo muli sa iyong guro ang Susi sa Pagwawasto.

Ngayon naman ay susulat ka. Mahalaga sa pagbuo ng komposisyon ang pagkakaroon ng kaisahan kaya kinakailangang ugnay – ugnay ang ideya. Masusubukan ang iyong kakayahan sa susunod mong gawain.

6. Sulatin Mo...

Panuto: Basahin mo ang ginulong mga pangungusap. Ayusin mo ito sa pamamagitan ng pagsagot sa mga katanungan. Isulat mo ang sagot sa iyong sagutang papel.

1. Ang dalawa ay parehong naging biktima ng pananamantala?
 2. Naembargo ang lupa ni Tata Selo sa kamay ng Kabesa samantalang sa Kabesang Tales ay kinuha ng korporasyon ng mga prayle.
 3. Parehong inagaw ang kani – kanilang lupang pinagyaman.
 4. Namamasukan bilang katulong si Huli kay Hermana PENCHANG samantalang si Saling naman ay nagpaalila kay Kabesang Tano.
 5. Sa dakong huli, sumanib sa mga tulisan si Kabesang Tales samantalang si Tata Selo naman ay ibinilanggo dahil sa pagkakapatay kay Kabesa.
 6. Ang kapalarang nangyari kina Tata Selo at Kabesang Tales ay halos magkatulad.
 7. Si Huli ay hinalay ni Pari Camona at si Saling naman ay sa kamay ng Kabesa at ng Alkalde.
1. Alin ang unang pangungusap?
 2. Alin ang huling pangungusap?
 3. Alin ang ikalawang pangungusap?
 4. Alin ang ikalima?
 5. Alin ang ikatlo?
 6. Alin ang ikaapat?
 7. Alin ang ikaanim?

Nahirapan ka ba? Huwag kang mag – alala. Ang mahalaga ay matuto ka. Tandaan mo lamang na dapat ugnay – ugnay ang mga ideya upang makabuo ng talatang may kaisahan.

Itsek mo muli ang iyong mga kasagutan.

7. Lagumin Mo....

Panuto: Punan mo ang patlang ng tamang sagot.

1. Ang tauhang simbolo ng kaapihan at pagyurak sa karapatang pantao ay si _____
2. Naging biktima ng panghahalay ng mga makapangyarihan si _____
3. Naisangla ni Tata Selo ang lupa nang magkasakit ang asawa. Pagkatapos, naembargo ito. Ito ay halimbawa ng teoryang _____.

4. May – akdang nagpakilala sa matinding kamalayan sa katayuan ng mga api – apihan si

Tiyak na tama kang lahat. Hingiin mo muli sa iyong guro ang Susi sa Pagwawasto. Ang susunod na gawain ay susukat muli sa iyong mga natutuhan sa araling iyong binasa kasama na ang iba't ibang kasanayan. May tanong din sa mga pagpapahalagang binigyang – diin sa akda.

8. Subukin Mo....

Panuto: Basahin mo at unawain. Piliin ang titik ng tamang sagot.

1. Ang pag – uulit ng salita – binawi, tinungkod, saka at ay ay nakatulong upang maging
 - a. malalim ang talakay sa akda.
 - b. madaling maunawaan ang akda.
 - c. masining ang akda.
 - d. matalinghaga ang akda
2. Ang mga pahayag ni Tata Selo sa akda na di lang minsan sinasabi ay nagpapakita ng
 - a. kapangyarihan ng mga salita.
 - b. kawalang – saysay ng mga salita.
 - c. kahinaan ng mga salita
 - d. kawalang – bisa ng mga salita.
3. “Huwag, huwag ka nang magsabi.” Inulit ang salitang huwag upang
 - a. ipaalam na maulit si Tata Selo
 - b. ipabatid na mahal niya si Saling
 - c. ipakitang may pinagtatakpan si Tata Selo
 - d. alamin ng mambabasa kung ano ang isang pangyayaring dapat tuklasin

Bigyang – relasyon ang mga sumusunod na pahayag. Isulat kung sang – ayon o di sang – ayon.

4. “Napatay ko po ang Kabesa, patayin na rin po ninyo ako.” Isang tauhang malakas ang karakter ang nabuo rito.
5. Ang ginawang paulit – ulit na pagtatanggol ni Tata Selo kapag siya’y tinatawag kung bakit pinatay ang Kabesa. Isang karakter ito na nagpapakita ng karuwagan.
6. “Dinaya ko na ba siya sa partihan? Tinuso ko na ba siya? “Si Tata Selo ay isang tauhang makakikilala kung ano ang tama.

7. Madalas na nagiging problema ng may – ari ng lupa at magsasaka?
- nagiging katulong ang mga anak
 - naisasangla ng magsasaka ang lupa at pagkatapos ay naembargo
 - ninanakaw ng magsasaka ang lupa
 - nagkakademandahan
8. Naggitgitan ang mga tao, nagsiksikan, nagtutulakan – bawat isa’y naghahangad makalapit sa istaked. Nagpapakita ito ng pananaw.
- naturalismo
 - realismo
 - eksistensyalismo
 - markismo
9. Nakikilala ang katatagan ng isang tao kung
- Hindi siya umiiyak
 - Di maaaring maitumba
 - Kayang dalhin ang krisis sa buhay
 - Lahat ay tama
10. Isang napakahalagang karapatang kadalasa’y ipinagkakait ng mga mayayaman sa mga mahihirap ang
- Karapatang pantao
 - Karapatang bumoto
 - Karapatan sa pagpapahayag
 - Karapatan ng ekspresiyon

Iwasto mo muli ang iyong mga sagot. Ano ang nakuha mong iskor? Kung 7 pataas ang iyong tamang sagot, gawin mo na ang susunod na aralin. Kung 6 pababa, may ipagagawa ako sa iyong gawain . Madali lamang ito sapagkat may kaugnayan ito sa iyong aralin. Simulan mo na.

9. Paunlarin Mo...

Panuto: Gamitin mo ang mga salitang nasa kahon upang makabuo ng makabuluhang pangungusap.

1.

2.

kapangyarihan

pagmamalabis

kapwa

3.

igalang

karapatang -
pantao

mamamayan

ARALIN 2: SA BAGONG PARAISO

A. Anu-ano ang mga tiyak na matututunan mo?

Matapos mong basahin ang akda, inaasahang matatamo ang mga sumusunod na kasanayan:

1. Natutukoy ang kahalagahan ng salita sa kasiningan ng akda
2. Nabibigyang – reaksyon ang bahagi ng akdang nagpapakita ng kalakasang asytetik nito
3. Napipili ang bahaging nagpapakita ng bisa ng pagkakagamit ng kalikasan at kapaligiran sa pagkamasining ng akda
4. Napatutunayang mahalaga ang pagsunod sa magulang
5. Nagagamit ang kaalaman tungkol sa pagbuo ng saknong ng tula

Mga Gawain sa Pagkatuto

1. Alamin Mo...

Panuto: Piliin mo sa loob ng kahon ang mga salitang maaaring pagsama – samahin sa isang pangkat. Isulat mo ito sa iyong sagutang papel.

Kainosentahan	Pangarap	Mithiin
Adhikain	Nagtutudyuhan	Kawalang - malay
Nagbibiruan	Kawalang – muwang	Nagtutuksuhan

1. _____

2. _____

3. _____

2. Basahin Mo...

Kung naibigan mo ang unang kuwentong binasa mo, tiyak na maiibigan mo itong susunod .

Madali mong mauunawaan ang mga pangyayari sapagkat napapanahon ang paksa kung ano ito, iyon ang tutuklasin mo.

Basahin mo na....

Sa Bagong Paraiso ni Efren R. Abueg

Nilisan ng batang lalaki at batang babae ang kinagisnang daigdig upang lasapin ang biyayang handog ng itinuturing nilang Bagong Paraiso.

Sa simula’y mga bata silang walong gulang – isang lalaki at isang babae. At ang kanilang daigdig ay isang malawak na loobang tinitirikan ng dalawang tabla’t yerong bahay, na ang isa’y nasa Silangan at ang isa’y nasa Kanluran: at sa pagitan niyon ay walang bakod na nakapagitan.

Ang malawak na looban ay mapuno, mahalaman, maibon, at makulisap at may landas na humahawi sa dawagan at tumutugpa sa dalampasigang malamig ang buhangin kung umaga, nguni’t nakapapaso sa tanghalian.

Aang kanilang daigdig ay tahimik; ang kanilang kabuhayan ay hindi suliranin: ang kanilang mga magulang ay hindi nag-aaway – ang mga ito ‘y maka – Diyos at walang araw ng Linggo o araw ng pangilin na hindi makikita ang mga ito sa kaniang bisita sa dakong hilaga ng nayon. Ang mga ito’y may rosaryo sa kanilang mga palad at may mga usal ng dalangin sa mga labi.

At silang dalawa – ang batang lalaki at ang batang babae – ay nagsisipag –aral, kasama pa ng ibang bata sa maliit na gusaling may tatlong silid sa dakong timog ng nayon. Sila’y may mga pangarap, na ang sakop ay lumalagdaw sa hangganan ng nayong iyon, ng bayang iyon, at ng lalawigang kinaroroonan niyon.

Wala silang pasok kung araw ng Sabado at Linggo o mga araw na pista opisyal. Silang dalawa’y naglalaro sa loob ng bakurang iyon, mula sa umaga hanggang sa hapon. Umakyat sila sa mga punong santol, sa punong bayabas, sa marurupok na sanga ng sinigwelas, maaligasang at malulutong na sanga ng punong mangga. Nagagasang ang kanilang mga tuhod, nababakbak ang kanilang mukha at kung minsan ay nililinsaran sila ng buto kung nahuhulog – ngunit ang lahat ng iyon ay hindi nila iniinda, patuloy sila sa paglalaro.

Malamig sa ilalim ng punong mangga. Makapal ang damo sa sakop ng lilim niyon kung umaga at doon silang dalawa naghahabulan, nagsisirko, nagpapatiran at kung sila’y humihingal na ay hihiga sila sa damuhang iyon, titingalain nila ang malalabay na sanga ng puno, sisilip sila sa pagitan ng masinsing mga dahon at magkukunwaring aaninawin sa langit ang kanilang mukha.

“Loko mo ... makikita mo ba ang mukha mo sa langit?” minsan ay sabi ng batang babae.

“Bakit hindi? Ang langit ay isang malaking salamin, sabi ni Tatay ko ,” sagot naman ng batang lalaki.

Ang batang babae ay makikisilip din sa pagitan ng masinsing mga dahon, na waring ibig patunayan ng sariling paningin ang sinabi ng kalaro. At pagkaraang tumingin sa langit nang matagal, sila’y lalagumin ng katahimikan – ang kanilang katawan ay nakalatag na parang mga kumot, hanggang sa sila’y makatulog at gisingin sila ng tawag mula sa kanilang bahay.

Kung minsan, ang batang lalaki ang unang magigising: kung minsan naman ay ang batang babae. Nguni’t sino man sa kanila ang unang magising, kukuha ito ng kaputol na damo at kikilitiin ang taynga ng natutulog. At ang natutulog ay mapupukaw, mababalikwas at pagkarinig na siya’y pinagtatawanan ay magtitindig at ang nangiliti ay mapapaurong at anyong tatakbo at sila’y maghahabulan sa damuhang iyon, magpapa – ikut-ikot hanggang sa ang isa’y mahapo at sila’y muling bumagsak sa kalamigan ng damuhan, magkatabi at hindi nila pinapansin ang pagkakadantay ng kanilang mga binti o ang pagkakatabi ng nag-iinit nilang mga katawan.

Kung sila’y nagsasawa na sa loobang iyon, sila’y nagtutungo sa dalampasigan kung malamig na ang araw sa hapon. Namumulot sila ng kabibi. Inilalagay ng batang lalaki sa bulsa ng kanyang putot na pantalon ang nakukuha niyang kabibi, at ang nadarampot naman ng batang babae ay inilalagay nito sa sinupot na laylayan ng suot niyang damit. Kung hindi naman kabibi ang pinagkakaabalahan nila sa dalampasigan, naghuhukay sila ng halamis sa talpukan, o kaya’y gumagawa ng kastilyong buhangin, o kaya’y nanunugis ng mga kulukoy na kung hindi nangungubli sa kanilang malalalim na lungga ay lumulusong sa talpukan at bumabaon sa masigay na buhangin.

II

Ngunit hindi lamang iyon ang kanilang ginagawa: Nagtutudyuhan din sila, naghahabulan at kapag nahahapo na, mahihiga rin sila sa buhangin, tulad ng ginagawa nila sa damuhan sa looban, at sa kanilang pagkakatabi, nagkakangitian sila. Minsan ay itinatanong ng batang lalaki sa batang babae:

Naririnig mo ba na may tumutunog sa aking dibdib?”

At ang batang babae ay nagtaka. Bumangon ito at tumingin sa nakatihayang kalaro.

“Pakinggan ko nga,” anang batang babae.

Inilapit ng batang babae ang kanyang taynga sa dibdib ng batang lalaki, dumadaiti ang katawan niya sa katawan ng kalaro at nalalanghap naman ng nakahiga ang halimuyak ng kanyang buhok.

“Ang bango mo pala!” ang batang lalaki ay nakangiti.

“Aba ... hindi naman ako nagpapabango,” anang batang babae na lumupasay sa tabi ng nakahigang kalaro. “paglaki ko raw ay saka na ko magpapabango, sabi ng nanay ko.”

“Teka nga pala, narinig mo ba ang tunog sa dibdib ko? Usisa ng batang lalaki.

“Oo .. ano kaya ang ibig sabihin niyon?”

Nagkatinginan ang dalawa at ang lalaki ang unang nagbawi ng tingin. “Malay ko .. tena na nga.”

Bumangon ang batang lalaki, pinagpag ang buhanging dumikit sa kanyang bisig at sa kanyang pantalon at nagsimula nang lumakad. Sinabayan ito ng batang babae at habang isinasalisod nila ang kanilang mga paa sa buhanging habang lumalakad, nakatanaw sila sa paglubog na araw.

“Ang ganda, ano” naibulalas ng batang lalaki.”Parang may pintang dugo ang langit.”

“Oo nga, ano? Bakit kaya kulay dugo ang araw kapag palubog na?” sagot naman ng batang babe.

Hindi sumagot ang batang lalaki. Nakatanaw ito sa mapulang latay ng liwanag ng araw sa kanluran.

III

Puring-puri ang dalawang bata ng kanilang mga magulang at ng kanilang mga kanayon. At kinaiinggitan naman sila ng ibang mga batang hindi nagkaroon ng pagkakataong makihalubilo sa kanila.

“Siguro, paglaki ng mga batang ‘yan... silang dalawa ang magkakapangasawahan.

Narinig ng dalawang bata ang salitang iyon at sila’y nagtataka. Hindi nila madalumat ang kaugnayan ng kanilang pagiging magkalaro sa isang hula sa hinaharap. Higit pang nakakaabala sa kanilang isip ang sinasabi ng kanilang mga kaklase na silang dalawa’y parang tuko – magkalapit.

At minsan nga ay napalaban ng suntukan ang batang lalaki. Isang batang lalaking malaki sa kanay ang isang araw na pauwi na sila ay humarang sa kanilang dinaraan at sila’y tinudyo nang tinudyo.

“Kapit-tuko! Kapit-tuko!”

Umiyak ang batang babae. Napoot ang batang lalaki. Ibinalibag nito sa paanan ng nanunudyong batang lalaki ang bitbit na mga aklat. Sinugod nito ang kalaban. Nagpagulung-gulong sila sa matigas na lupa, nagkadugu-dugo ang kanilang ilong, nagkalapak-lapak ang kanilang damit, hanggang sa dumating ang guro at sila’y inawat at sila’y pinabalik sa silid-aralan at pinadapa sa magkatabing “desk” at tumanggap sila ng tigatlong matinding palo sa puwit.

Pagkaraan ng pangyayaring iyon napag-usapan ng dalawang bata ang bansag sa kanila. At sila’y nag-isip, na lalo lamang nilang ikinalunod sa kanilang kawalang-malay.

IV

Namulaklak ang mga mangga, namunga, nalaglag ang mga bugnoy, dumating ang mamamakyaw at sa loob ng ilang araw, nasaid sa bunga ang mga sanga. Namulaklak din ang mga santol at iyon ay tinanaw ng dalawang bata sa pagkakahiga nila sa damuhan at sila ang unang sumungkit sa mga unang hinog. Nangalaglag ang mga dahon ng sinigwelas, namulaklak at dumaan

ang mahabang tag-araw, at ang damuhan ay natuyo at ang kanilang naging tagpuan ay ang dalampasigan at madalas man sila roon ay hindi nila masagut-sagot ang bugtong kung bakit kulay dugo ang silahis ng araw kung dapithapon. At sa wakas ay namunga ang sinigwelas, mga luntiang bubot na pinitas nila ang ilan at pagkaraang isawsaw sa asin ay kanilang tinikman at sila'y naasiman at idinalangin nila ang maagang pag-ulan – sapagkat sabi ng kanilang lola'y madaling bibintog at mahihinog ang bunga ng sinigwelas kapag naulanan. Sila'y naniwala at hinintay nila ang ulan, at nang pumatak iyon nang kalagitnaan ng Mayo, silang dalawa'y naghubad, naligo sa ulan, naghabulan sa looban at nayapakan nila ang mga tuyong damo, na waring bangkay ng isang panahong hinahalinhan ngayon. Pagkaraan pa ng ilang araw, nadungawan nilang hinog na nga ang sinigwelas sa puno at ang batang babae naman ay naghanap ng sungkit.

At ang pamumulaklak at pamumunga ng mangga santol at sinigwelas at ng iba pang punongkahoy o halaman sa loobang iyon ay nagpatuloy. Ang damuhan ay natuyo at muling sinibulan ng bagong supling: ang araw ay lumubog at sumikat at hindi pa rin nagbabago ang kulay ng silahis niyon kung dapithapon.

Ang paaralan sa nayon ay malapit nang magpinid; ang guro ay naghanda na ng isang palatuntunan; ang mga magulang ay walang pinag-usapan kundi ang katalinuhan ng kanilang mga anak.

V

Nang dumating ang pasukan, ang batang lalaki at ang batang babae ay sakay ng kalesa patungo sa bayan. Doon sila mag-aaral ng haiskul. Ngunit iba na ang kanilang ayos. Ang batang lalaki'y hindi na nakapantalong maikli – putot: siya'y nakalargo na at pantay na ang hati ng kanyang buhok na nangingintab sa pahid ng pomada. Samantala, ang batang babae ay may laso sa buhok, na nakatirintas at ang kanyang suot na damit ay lampas tuhod at hindi nakikita ng batang lalaki ang alak-alakan nito.

Dito dumaan sa kanilang buhay ang isang pagbabago, na hindi nila napigil at siyang nagbukas sa kanila upang masaklaw ng tingin ang paraisong kanilang kinaroroonan.

Sa paglawak ng kanilang daigid, ang batang lalaki'y hindi na sa batang babae lamang nakikipaglaro – siya'y nakahalubilo na rin ng maraming batang lalaking pumapasok sa nagagapok nang gusaling iyon ng paaralan. Nakikipagharutan siya sa mga ito, nakikipagbuno, nakikipagsuntukan – at higit sa lahat, nakikipagtuklasan ng lihim sa isa't isa. Isang araw sa likod ng paaralan, isang pangkat ng batang lalaki ang nakapabilog sa isang batang lalaki at nakita niya ang isang bagay na natuklasan niyang kailangang mangyari sa kanya.

Umuwi siyang parang tulala nang hapong iyon at kinagabihan ay hindi siya nag-aral. Naupo siya sa baitang ng kanilang hagdan at nag-isip hanggang sa makita siya roon ng kanyang ama.

Inusisa niya sa ama ang kanyang natuklasan sa paaralan at itinanong niya rito kung bakit kailangang gawin pa iyon.

Napatawa ang kanyang ama. Tinapik siya nito sa balikat.

“Kailangan ‘yon upang ikaw ay maging ganap na lalaki!” sagot ng kanyang ama.

Natingala lamang niya at ang pamimilog ng kanyang mga mata'y naghiwatig ng pagkakaroon lamat sa kanyang kawalang malay.

“Hayan mo .. “ dugtong ng kanyang ama. “ Isang araw, isasama kita kay Ba Aryo. Maging matapang ka lamang sana .. “

Ibig niyang ipagtapat iyon sa batang babae, ngunit aywan niya kung bakit nahihiya siya. Ngayon lamang iyon. Kaya't kahit patuloy pa rin silang nagtutungo sa dalampasigan tuwing wala silang pasok, ang alalahanin ukol doon ay nakabawas sa sigla ng batang lalaki.

At isang araw, Sabado ng umaga, isinama siya ng kanyang ama sa bahay ni Ba Aryo sa tabi ng ilog. Ngumata siya ng dahon ng bayabas, pumikit siya at pagkaraan ng iba pang ginawa, siya'y itinaboy ni Ba Aryo upang maligo sa ilog.

“Ang damuho .. pagkalaki-laki'y parang hindi lalaki.”

Ang narinig niyang iyon kay Ba Aryo, kabuntot ng malutong na halakhak ng kanyang ama ay natanim sa kanyang isip at patuloy na nagpalaki sa lamat sa kanyang kawalang malay.

VI

Kasunod ng pangyayaring iyon, aywan niya kung bakit iba na ang kanyang pakiramdam. Gayong magaling na ang sugat na nilikha isang umaga sa harapan ng bahay ni Ba Aryo, hindi pa rin nagbalik ang kanyang sigla. Natitigilan siya kung nakikipaglaro sa batang babae. Nangingimi siyang tumabi rito kung ito'y nakahiga sa damuhan o sa dalampasigan. Hanggang isang araw ay napansin niyang mapupula ang mga mata ng batang babae nang dumating ito sa isang dapit-hapon sa tabing-dagat.

“Bakit?” usisa niya.

“Wa – wala ... wala!”

Nag-isip ang batang lalaki. Naisaloob niyang baka ang kawalang sigla niya sa pakikipaglaro rito ang dahilan.

Tinudyo niya ang batang babae, kiniliti, napahabol dito .. hanggang sa mahawa ito at sila'y naghabulan sa buhanginan. Sumisigaw sila sa katuwaan hanggang sa manigas ang kanilang mga binti at kinakailangang humiga naman sila sa buhanginan. Humagikgik pa sila nang mapatong ang kamay ng batang lalaki sa kangyang dibdib at nadama niyang lalong malakas ang pintig doon.

“Tingnan mo .. pakinggan mo ang tunog sa dibdib ko,” anyaya ng batang lalaki.

Ngunit hindi kumikilos sa pagkakahiga ang batang babae. Nakatitig lamang ito sa maaliwalas nang mukha ng langit. Nagtaka ang batang lalaki. Bumangon ito at tinunghan ang nakahigang kalaro. Nangingilid ang luha sa mga mata nito.

“Bakit?”

Saka lamang tumingin ang batang babae sa batang lalaki. At ito’y umiyak at ang luhang tumulo sa pisngi’y pinahid ng palad na iyong ipinatong sa buhanginan ay pinaniktan ng buhangin.

“Hindi na pala tayo maaaring maglaro... ng tulad ng dati,” anang batang babae sa basag na tinig.

“Hindi na?” Parang sasabog sa kawalang-malay ang katauhan ng batang lalaki.

“Malaki na raw tayo ... malalaki nang tao. Hindi raw maglalaon, tayo’y magiging dalaga .. at binata.”

“Sinabi ‘yon ng Nanay mo?’

“Oo, sinabi niya ... na hindi na tayo maaaring maghabulan, o kaya’y umakyat sa punongkahoy o kaya’y pagabi sa tabing dagat,” sabi pa ng batang babae.

“Kangina sinabi sa’yo .. ng Nanay mo?”

Tumango ang batang babae “Ngayon daw .. hindi na tayo bata. Ako raw ay dalagita na ... at ikaw raw ay binatilyo!”

At waring ang batang lalaki’y nagising, napagmasdan niya ang kanyang mga bisig, ang kanyang katawan at sa harap ng kanyang kalaro ay naunawaan niyang totoo ang sinabi nto.

“Ayaw ka na palang papuntahin dito’y .. bakit narito ka pa ... gabi na!?”

Nagbangon ang kanyang kalaro. Humarap sa kanya. Palubog na noon ang araw at mapula ang silahis niyon sa langit. Ang mukha ng dalawa ay animo mula sa malayo at ang pagkakahawak nila sa bisig ng isa’t isa ay parang isang pagpapatunay ng tibay ng tanikalang bumubidbid sa kanilang katauhan.

VII

Hindi na nga sila mga bata. Siya’y dalagita na. Siya naman at binatilyo na. Ang pagbabagong iyon ang nagpapaunawa sa kanilang may tumataas nang dingding sa pagitan nila. Nagkita pa rin sila sa looban, ngunit hindi nga lamang tulad ng dating nagtatagal ang kanilang pag-uusap. Ngayon, parang laging may nakatingin sa kanilang mga matang nagbabawal. Sa looban, ang kanilang mga magulang; sa paaralan ang kanilang guro. At ang kanilang tawa tuloy ay hindi na matunog; ang hiyaw ng dalagita ay hindi na matinis, malayo sa hiyaw nito noong araw; ang kanilang pag-uusap ay hindi na malaya at pumipili na sila ng mga salitang kanilang gagamitin.

At buwan-buwan, ang dalagita ay may kapisang damit na itinatago sa ilalim ng kanyang katre at kapag tapos na sa paglalaba ang kanyang ina ay palihim niyang lalabhan sa silong at ikukula sa kubling bahagi ng likod bahay.

Minsan ay natutop siya ng kanyang ina sa paglalaba sa silong at sinabi nito sa kanya: Hindi mo na kailangan dito pa labhan ‘yan...

VIII

Nagtapos sila ng haiskul. Nagkamay sila pagkaraang maabot ang kani-kanilang diploma. At nang magsayawan ng gabing iyon, magkatambal sila. Gayong hindi naman sila nahapo, ang tibok sa kanyang dibdib ay mabilis at malakas at ngayon ay hindi maungkat iyon ng binatilyo. Nagsayaw sila, nag-usap ang kanilang mga mata ngunit ang kanilang mga labi’y tikom at kung gumagalaw man upang pawiin ang panunuyo o paglalamat niyon.

At hindi nila alam na ang tibok ng pusong iyon ay isa pang pangyayaring nagpalaki sa lamat ng kanilang kawalang-malay.

IX

Maliwanag ang naririnig na salita ng dalagita: Kung gusto mong makatapos ng karera, huwag muna kayong magkita ni Ariel. Naunawaan niya ang ibig sabihin niyon, nguni’t ang pagtutol ay hindi niya maluom sa kanyang kalooban.

“Pero, Inay ... Kaibigan ko si Ariel.” May himagsik sa kanyang tinig.

“Kahit na ... kayo’y dalaga at binata na. Alam mo na siguro ang ibig kong sabihin.” May langkap na tigas ang sagot na iyon.

Alam niya ang kahulugan niyon: Masama? Parang pait iyong umuukit ng kung anong bagay sa kanyang isip. At saglit iyong inagaw ng tinig ng kanyang ama.

“Ibig kong magdoktora ka, kaya kalimutan mo muna ang mga lalaki!”

At ang pait na may iniuukit sa kanyang isip ay parang pandalas na pinukpok at ang kanyang katauhan ay nayanig at ang tunog ng pagpukpok ay nag-aalingawngaw ng: Lalaki! Lalaki! Hindi siya nakatagal sa harap ng kanyang mga magulang. Nakatiim ang mga labing pumasok siya sa kanyang silid.

“Ayaw nila .. ng Inay, ng Itay .. masama raw,” at ang mga labi niya’y nangatal, kasabay ng luhang umahon sa kanyang mga mata.

X

Iyon lamang at minsang dalawin siya ng binata sa dormitoryo, natuklasan nila sa isa’t isa na mataas na ang dingding sa kanilang pagitan. Matatag iyon, makapal, at waring hindi nila maibubuwal.

“Huwag muna tayong magkita, Ariel,” sabi niya sa binata. Napatitig sa kanya si Ariel at nakita niya ang pamamantal ng noo nito – at pagtataka sa damdaming unti-unting nasasaktan.

“Ba-bakit .. dati naman tayong ...”

At si Ariel ang kanyang kababata ay lumisang larawan ng isang bilanggong hindi nakaigpaw sa isang mataas na pader.

XI

Minsan, ang binata ay umuwi sa lalawigan. Mapanglaw ang kanyang mukha at napuna agad iyon ng kanyang ama.

“Bakit?”

“Ayaw nang makipagkita sa akin ni Cleofe,”

Nagtawa ang kanyang ama, tulad ng kaugalian nito ay tuwing may ilalapit siyang suliranin.

“Walang kuwenta’yon. Makita mo, kapag tapos na si Cleofe ay magkakalapit kayong muli. Hindi mo ba alam .. na gustung–gusto ng kanyang mga magulang na maging doktora siya?”

Pagsigaw ang alingawngaw ng kanyang tinig sa kanyang isip.

“At habang nagdodoktora siya ay masamang kami’y magkita?”

“Tama ka !” maagap na paikli ng kanyang ama. “Hindi mo ba alam na kapag malapit ka sa babae ay malapit ka rin sa tukso!”

“Tukso! Tukso! Parang matalim na kutsilyong isinsaksak sa kanyang utak ang katagang iyon. Mahapdi, Makiro. Parang binibiyak ang kanyang ulo.

Napapikit siya. Nagunita niya ang luntiang damuhan sa looban, ang malamig na buhanginan kung hapon, ang mapulang silahis ng araw na parang dugo.

XII

At ang dalawa’y hindi nagkita, gayong nasa isang lungsod na maliit at naglalakad ka lamang sa mga lansangan ay hindi ka mawawalan ng makakasalubong na kilala. Mangyari’y iniwasan nila ang magkita, mangyari’y sinisikil nila ang paglago ng halaman sa kanilang katauhan na pinag-uugat at pinapag-usbong ng mga araw sa luntiang damuhan sa looban at malamig na buhangin sa dalampasigan kung dapithapon. Hindi sila nagkita, sapagkat inihasik sa kanilang isip na ang pagkikita nila ay masama, tukso. At sa kanilang bagong daigdig ng aklat, ng mataas na gusali, ng malayong kabataan sa kapaligiran, ang isiping iyon ay parang tabak na nakabitin sa kanilang ulo o kaya’y tulad din ng isang mansanas na bibitin-bitin sa nakayungyong na sanga ng punongkahoy.

Hindi sila nagkita sa loob ng mahaba ring panahon, mga buwan at sana’y mga taon kung nakatiis sila – kung tuluyang nasikil nila ang halamang patuloy sa pagbabago sa kanilang katauhan.

XIII

Hindi nga sila nakatiis – isang araw na hindi sinasadya’y nagkasalubong sila sa pamimili ng kagamitan. Kapwa sila napahinto sa paglakad at nabangga sila ng mga tao sa bangketa ay hindi pa rin sila makakilos. Ang binata ay naglakas loob at binati niya ang dalaga.

Hindi nakasagot ang dalaga. Nakatitig lamang siya sa mukha ng binata at nang anyayahan siya nitong magpalamig sila sa isang kanugnog na restaurant ay napasunod lamang siya, napatangay sa agos ng kanyang damdamin. At sa harap ng kanilang hininging pagkain, sila’y nagkatitigan at sila’y nakalimot at akala nila’y nasa luntiang damuhan sila sa looban sa lalawigan, nakahiga at nakabaling sa isa’t isa.

XIV

At sila’y nagkita sa Luneta, hindi lamang minsan kundi sa maraming pagkikita, marami-marami, at ang kanilang sikil na damdamin ay lumaya at sa unang pagkakataon, pagkaraan ng ilang buwan sila’y lumigaya.

Ngunit ang inihasuk na binhi ng pagkakilala sa masama at sa mabuti sa kanilang isip ay sumibol na at masama. Ngunit sila’y naghihimagsik.

XV

Malinaw ang sinabi ng sulat: sa pook pa namang iyon, sa lahat ng pook na dapat mong pakaiwasan – doon kayo nakita. Hindi na sana malubha kung nagkita lamang kayo ngunit nakita kayong magkahawak-kamay .. sa karamihan ng tao sa paligid. Hindi kayo nahiya.

Hindi na ipinagpatuloy ng dalaga ang pagbasa sa liham. Nagbabanta ang mga sumusunod pang talata: luluwas ang ama mo kapag hindi mo itinigil ang kabaliwang iyan.

... ipinaaabot dito ng mga magulang ni Cleofe ang ginawa ninyo. Hiyang hiya kami ng iyong ama. Ibig naming makatapos ka ... at ibig naming ipaalalang muli sa iyo na ang babae ay tukso .. tukso!

Kaya ibig niyang umalis sa silid na iyon upang hindi marinig ang alingawngaw ng katagang iyon: tukso – tukso – tukso !

XVI

Sinabi ng dalaga: hindi na ngayon tayo maaaring magkita. Sinabi ng binata: magkikita tayo, magtatago tayo ... ililihim natin sa kanila ang lahat.

At sila nga ay nagkita, sa mga pook na hindi sana nila dapat pagkitaan, ngunit doon sila itinaboy ng kanilang paghihimagsik, ng takot na matutop, at ng pangangailangan.

Sa mga pook na iyon pilit nilang iginupo ang dingding na ipinagitan sa kanila. At sa palagay nila sila ay nagtagumpay. Naalis ang hadlang. Ngunit sa kanilang utak, nagsusumiksik at

nanunumbat ang alingawngaw ng pagbabawal: lumalarawan ang nananalim na tingin! Masama .. tukso!

XVII

At ngayon, ang kanilang paraiso ay hindi na ang malawak na looban, o kaya'y ang dalampasigang malamig kung dapithapong ang silahis ng araw ay mapulang parang dugo. Ang daigdig nila ngayon ay makitid, suluk-sulok, malamig din ngunit hinahamig ng init ng kanilang lumayang mga katawan.

XVIII

Maligaya sila sa kanilang daigdig, Maligaya sila sa kanilang bagong paraiso. Hanggang isang araw ay kumulog, dumagundong ang kalawakan at nangagulat ang mga tao sa lansangan; pamaya-maya, pumatak ang ulan, na ang pasimulang madalang ay naging masinsin.

Ang dalaga ay dumungaw sa bintana – masama ang kanyang pakiramdam. May kung anong nakatatakot na bagay sa kanyang katawan na ibig niyang ilabas, na ibig niyang itapon. At iyon ay umakyat sa kanyang lalamunan.

Humawak siya sa palababahan ng bintana. Tumingala siya upang pawiin ang pagsama ng kanyang pakiramdam. Natanaw niyang maitim ang langit at naisip niyang magtatagal ang ulan. Tumungo siya at nakita niyang nalinis ng tubig ang bangketa at kasabay ng kanyang pagtungo, parang isinikad na pataas sa lalamunan ang kanyang bituka at siya'y napanganga at siya'y napapikit at siya'y napaluha at paghigpit ng kanyang hawak sa palababahan ng bintana ay napaduwal siya .. at ang lumabas sa kanyang bibig ay nilinis ng patak ng ulan, inanod ng nilikhang mumunting agos sa gilid ng daan.

At ang dalaga'y napabulalas ng iyak.

Ano ang iyong naramdaman matapos mong mabasa ang kuwento? Ano man ito sana'y nakita at naunawaan mo ang mensaheng nais ipaabot ng kuwento.

Marahil sasang – ayon ka sa akin kung sasabihin kong lubhang kakaiba ang kuwentong iyong binasa. Maganda ang istilo ng pagsulat ni Efren R, Abueg. Pansinin mo ang mga salitang ginamit ng may-akda. Nakatulong ang mga ito sa pagiging masining ng kuwento.

Ang mga salitang bumubuo o nakapaloob sa isang akda ay dapat na magpakita ng isang katotohanan ng buhay. Ito ay naririnig nating sinasalita ng mga taong nagtatalastasan sa pang – araw – araw na pamumuhay.


Kung tama ang pagkakagamit ng mga salita, madali nating mararamdaman ang emosyon o damdaming nais palitawin ng mga tauhan. Parang nakikita ng mga mambabasa ang mga pangyayaring nagaganap sa akda. Ito ay dahil sa mga salitang nagiging daan upang maging epektibo sa pagiging masining ng akda.

Inunawa mo ba ang iyong binasa? Handa ka na sigurong saguitn ang susunod na gawain. Galingan mo !


3. Linangin Mo....

a. Pagsusuring Panlinggwistika

Panuto: Piliin mo sa ibaba ang mga salitang tumutugon sa bawat salitang nakakahon.



kaligayahan
paglaya
pagkamulat
pag – ibig
Diyos



pagdadalaga
katahimikan
pagkakaroon ng malisya
langit
pagbibinata

Nakalilito ba? Hindi bale, ang mahalaga ay natutuo kang mag-isip. Makatutulong ito sa iyo sa mga susunod mo pang gawain.

Sa unang modyul, nabatid mo ang talambuhay ni Rogelio R. Sikat. Ngayon naman, alamin mo ang ilang impormasyon tungkol sa awtor ng binasa mong kuwento, si Efren R. Abueg.

Si Efren R. Abueg ang pinakamasipag sa mga kabataang manunulat kung katha't aklat ang pagbabatayan. Masasalamin mo sa kanyang mga maiikling kuwento, nobela at artikulo ang kanyang diwang makawika. Damang – dama mo ang pagkakaroon niya ng diwang makabansa.

Kung iyong mapupuna, ang pamamaraan ni Abueg sa pagsulat ay maluwa maliwanag, halos payak sa kakulangan ng palamuting pampanitikan. Hindi mo na kailangang unawain pa nang matagal ang kanyang katha upang maipahatid sa mga mambabasa ang nais niyang ipabatid.

O, hayan panibagong impormasyon na naman ang iyong natutuhan.

Handa ka na ba sa susunod na gawain? Madali lamang ito dahil ibibigay mo lamang ang iyong reaksyon na itutugma mo sa mga pagpipiliang mga kasagutan. Kaya mo iyan!

b. Pagsusuring Pangnilalaman

Panuto: Basahin mo ang mga pangungusap. Pagkatapos, bigyan mo ng reaksyon sa pamamagitan ng pagbuo sa pangungusap. Piliin mo ang tamang titik sa ibaba.

Panimula

1. Nilisan ng batang lalaki at batang babae ang kinagisnang daigdig upang lasapin ang biyayang handog ng itnuturing nilang Bagong Paraiso.

Reaksyon: Maganda ang panimula dahil sa

Dayalogo

2. “Narinig mo ba na may tumutunog sa aking dibdib?”

“Pakinggan ko nga.”

“Ang bango mo pala!”

“Aba, .. hindi naman ako nagpapabango.”

Reaksyon: Maganda ang dayalogo dahil sa _____

Paglalarawan

3. At sila’y nagkita sa luneta, hindi lamang minsan kundi sa maraming pagkikita, marami – rami at ang kanilang sikil na damdamin ay lumaya.

Ngunit ang isinahasik na binhi ng pagkakilala sa masama at sa mabuti sa kanilang isip ay sumibol na at nagpapaunawa sa kanilang ang ginagawang iyon ay masama.

Reaksyon: Maganda ang bahaging ito dahil sa _____

Mga Pagpipiliang Sagot:

- a. nakadadala ng ating emosyon
- b. nailalarawan nito ang kawalang – malay.
- c. naipakikitang di dapat tularan ang masamang gawain
- d. may kaunting paliwanag sa nangyari sa mga tauhan sa hulihan ng kuwento

Unti – unti, natututo ka nang magsuri ng mga akdang iyong binabasa, di ba? Iba iyong mga gawaing panlinggwistika, pangnilalaman at pampanitikan. Sana’y tinatandaan mo ang iyong mga natutuhan sa bawat gawain.

Bago mo sagutin ang gawain sa pagsusuring pampanitikan, alamin mo muna ang tungkol sa teoryang romantisismo.

Hindi lamang tungkol sa romansa ang binibigyang – diin sa teoryang romantisismo. Tama ka, kasangkot din dito ang mga damdaming nakapaloob sa akda. Bukod diyan, napapahalagahan din dito ang bisa ng pagkakagamit ng kalikasan at kapaligiran sa pagiging masining ng akda. Binibigyang – halaga rin ang kapasyahan ng mga tauhan sa akda.

c. Pagsusuring Pampanitikan

Panuto: Lagyan mo ng tsek (✓) kung ang paglalarawan sa kapaligiran/kalikasan ay nakatulong sa pagiging masining ng akda.

- _____ 1. Ang malawak na looban ay mapuno, mahalaman, maibon at makulisap.
- _____ 2. Ang kanilang daigdig ay tahimik, ang kanilang kabuhayan ay hindi suliranin.
- _____ 3. Malamig sa ilalim ng punong mangga, nakikisilip siya sa pagitan ng masinsing mga dahon.
- _____ 4. Naghabulan at kapag mahapo, mahihiga sila sa damuhan.
- _____ 5. Dumaan sa kanilang buhay ang pagbabago na hindi nila napigil.
- _____ 6. Nagtungo sila sa dalampasigan. Kaylamig na ng araw sa hapon. Namumulot sila ng kabibi.
- _____ 7. Sila’y naghabulan sa damuhang iyon, nagpaikut – ikot hanggang sa mapagod.
- _____ 8. Mataas na ang dingding na kanilang pagitan.
- _____ 9. Naligayahan sila sa bagong paraiso.
- _____ 10. Namulaklak ang mga mangga. Nangalaglag ang mga dahon ng sinigwelas.

d. Halagang Pangkatauhan

Panuto: Ibigay mo ang hinihinging kasagutan ng dayagram sa ibaba. Tungkol sa aspeto ng buhay..

PAKSA	ASPETO NG BUHAY	IBUBUNGA
Maaaring ibunga ng di pagsunod sa magulang	<ol style="list-style-type: none"> 1. Pag-aaral 2. Pangarap 3. Barkada 4. Kinabukasan 5. Pagpapahalaga 	<ol style="list-style-type: none"> 1. 2. 3. 4. 5.

Tingnan mo na ngayon kung tamang lahat ang iyong sagot. Kunin mo sa iyong guro ang Susi sa Pagwawasto. Kung magkatulad ang diwa sa mga kasagutan, iwasto mo.

4. Palalimin Mo ...

Panuto: Isulat mo kung **sang – ayon** o **di sang – ayon** sa mga pahayag na nakatala sa ibaba.

1. Napag – isip – isip kong di dapat padala sa emosyion.
2. Napaniwala sa akong di dapat suwayin ang idinidikta ng puso.
3. Nakatulong sa aking pag – unawa ang istilo ng awtor.
4. Naisip kong magagawa palang ilihim ang maagang relasyon.
5. Nakaantig ng aking damdamin sa sinapit ng tauhang babae bagama’t mali ang kanyang ginawang pagpapasya.
6. Napatunayan kong malaki ang nagagawa ng paglalarawan ng kapaligiran upang mapalutang ang aspetong romansa sa akda.
7. Naisip kong di dapat pakontrol sa ating emosyon.

Tiyak na wastong lahat ang iyong mga sagot sa katatapos na gawain. Kunin mo muli sa iyong guro ang mga kasagutan.

Kung may mali ka, huwag kang mag – alala. Alam kong makababawi ka sa mga susunod na gawain. Kung tama naming lahat, tanggapin mo ang aking pagbati.

5. Gamitin Mo ...

Panuto: Isulat mo ang titik ng pagpapahalagang dapat pamarisan.

1.
 - a. pagkakaroon ng pangarap
 - b. pagiging mapusok
 - c. pagsunod sa pansariling naisin.
2.
 - a. pagsunod sa idinidikta ng puso
 - b. pagiging agresibo
 - c. pagpapahalaga sa pagiging musmos
3.
 - a. pagiging mabuting kaibigan
 - b. pagiging malihim
 - c. pakikipagtagpo nang palihim
4.
 - a. pagsunod sa utos ng magulang
 - b. pagsasaisantabi ng pangarap
 - c. pagiging Malaya
5.
 - a. pagiging emosyonal
 - b. pagiging sentimental
 - c. pagharap sa anumang desisyong gagawin

Madali, di ba? Iwasto mong muli ang iyong mga sagot.

May kaalaman ka ba sa pagbuo ng tula? Huwag kang mabigla, hindi ka susulat. Basahin mo ang susunod na gawain.

6. Sulatin Mo ...

Panuto: Piliin mo ang angkop na kahong naglalaman ng angkop na pariralang ipampupuno sa mga taludtod ng tula. Isulat mo ito sa sagutang papel.

Pangaral ng magulang ating pahalagahan
dapat nating pakinggan _____.
Nang tayo'y mapabuti sa ating ninanasa;
kakamtin ay ginhawa, _____.

walang hanggang ligaya

at bigyan ng pag – asa

tayo ay susubaybayan

gawin itong patnubay

Mahirap bang humanap ng katugmang tunog at katugmang ideya? Hingin mo muli ang Susi sa Pagwawasto. Iwasto mo ang iyong mga sagot.

7. Lagumin Mo ...

Panuto: Piliin mo sa **Hanay B** ang angkop na sagot na tumutugon sa **Hanay A**. isulat ang titik.

Hanay A

1. mga pangunahing tauhan sa kuwento
2. sumulat ng akda
3. teoryang ginamit sa kuwento
4. magandang katangian ng akda
5. mensahe ng kuwento

Hanay B

- a. aystetik na katangian
- b. Ariel, Cleofe
- c. realismo
- d. pagsunod sa utos ng magulang
- e. Rogelio R. Sikat
- f. romantisismo
- g. pagpapahalaga sa kamusmusan

Tiyak na nadalian ka dahil sa alam na alam mo ang kuwento. Iwasto mo ang iyong mga kasagutan gamit ang Susi sa Pagwawasto.

Nakahanda ka na ba sa panghuling pagsubok? Ito ay pagsasama – sama ang lahat ng iyong mga natutuhan. Unawain mong mabuti ang bawat katanungan.

8. Subukin Mo ...

Panuto: Basahin mo at unawaing mabuti ang mga pangungusap. Piliin ang titik ng tamang sagot.

1– 3. Tatlong naging epekto sa akda sa paggamit ng pamagat – Sa Bagong Paraiso

- a. Nakatulong upang maging masining ang akda.
- b. Nakatulong upang mabigyang – diin ang mga pagpapahalaga.
- c. Naging malalim ang pagtalakay sa paksa.
- d. Nagkaroon ng palaisipan sa mambabasa upang tuklasin ang kahulugan nito.
- e. Nakatulong upang makabuo ng mga larawang diwa.

4. – 6. Mga bahagi ng akdang nagpakita ng katangiang aystetik nito.

- a. Pag – aaral nina Ariel at Cleofe.
- b. Paghahambing sa damdamin nina Ariel at Cleofe sa pamumulaklak ng punongkahoy.
- c. Paglalarawan kina Ariel at Cleofe sa kanilang kamusmusan.
- d. Paglalarawan kina Ariel at Cleofe sa kanilang bagong daigdig.
- e. Paglalarawan kay Cleofe sa dakong hulihan ng kuwento.

7. – 8. Dalawang katangian ng teoryang romantisismong nakatulong upang maging malalim ang pagtalakay sa akda.

- a. paggamit ng katotohanang pangyayari.
- b. paggamit ng kalikasan.
- c. paggamit ng imahe.
- d. paggamit ng kapaligiran.

9. – 10. Mga dahilan kung bakit dapat pakinggan ang mga magulang

- a. Matatanda na sila.
- b. Hangad nilang mapabuti ang anak.
- c. Alam nila kung ano ang tama.
- d. Hindi sila nagkakamali.
- e. Sila ang dapat na masunod sa tahanan.

Hingin mo muli sa iyong guro ang Susi sa Pagwawasto. Isulat mo ang iyong mga kasagutan.

Ano ang nakuha mong iskor? Kung ang iskor mo ay 7 pataas, gawin mo ang gawain sa “Gaano Ka Kahusay?” Kung 6 pababa ang iyong iskor, gawin mo muna ang gawain sa “Paunlarin Mo.”

9. Paunlarin Mo...

Panuto : Subukin mong bumuo ng tatlong tema mula sa binasang kuwento. Gamitin mo ang mga ideyang nakatala sa ibaba.

- A. Pagsunod sa magulang
- B. Pagkakaroon ng maagang pakikipagrelasyon
- C. Pagpapadala sa tukso

Basahin mo muna ang isang halimbawa bago ka sumulat.

Halimbawa:

Ang pagkakaroon ng maagang pakikipagrelasyon ay balakid sa pagsasakatuparan ng ating mga pangarap.

Simulan mo na.



Gaano ka kahusay?

Panuto: Basahin mo at unawaing mabuti ang isinasaad sa bawat pangungusap. Piliin mo ang titik ng tamang sagot.

1. – 2. Naging masaklaw na ang tingin nila sa kanilang paraiso. Maligaya sila sa kanilang bagong paraiso.
 - a. Nakapag – aral na sila.
 - b. Nagkaroon na ng kulay ang dating pagkakaibigan.
 - c. Nagkaroon na sila ng pamilya.
 - d. May transpormang naganap sa mga tauhan.

3. Maraming ulit na ginamit ang salitang “Ay!” sa kuwento. Nakatulong ito upang
 - a. maipakita kung ano ang bukambibig ni Tata Selo
 - b. mapalutang ang nangyaring kaapihan ni Tata Selo
 - c. maipakita na may lalawigang punto si Tata Selo
 - d. maipakita ang istilo ng may – akda

4. Ang ginawang pagpapahirap ng hepe ng pulis kay Tata Selo dahil sa pagkakapatay niya kay Kabesang Tano.
 - a. sang – ayon
 - b. di sang – ayon
 - c. mapamahiing paniniwala
 - d. apurahang kongklusyon

- 5– 6. Ang paglalarawan sa damadamin nina Ariel at Cleofe ganoon din sa paglalarawan ng pamumulaklak ng mga punongkahoy
 - a. aystetik
 - b. kasiningan
 - c. katimpian
 - d. kalaliman

7. Alin sa mga sumusunod ang nagpapakita ng katotohanan ng buhay?
 - a. Labis na paggunita sa masasayang araw.
 - b. Paggamit ng kapangyarihan/posisyon sa pamahalaan.
 - c. Pagiging kontento sa buhay
 - d. Pagiging mapangarapin

8. Naghabulan sila sa ilalim ng punong mangga. Nagtungo sila sa dalampasigan nang malamig na ang araw sa hapon. Namumulot sila ng kabibi.

Ang mga halimbawa sa itaas ay nagpapakita ng pananaw.

- a. imahismo
- b. romatisimo
- c. klasisimo
- e. sistensyalismo

9. Walang mawawala kung susundin natin ang utos ng ating magulang dahil sa

- a. tayo rin ang nasusunod
- b. mas matanda sila
- c. maaari rin naming di sundin
- d. para rin sa ating kapakanan

10. Sa gitna ng kaapihang dinanas ni Tata Selo, naging kahanga – hanga siya dahil sa

- a. mapagbigay siya
- b. mapagpasensya siya
- c. mapagmahal siya
- d. matatag siya

Susi sa Pagwawasto
Tata Selo

IV. ANO BA ANG ALAM MO

1. a
 2. c
 3. b
 4. di sang-ayon
 5. sang-ayon
 6. sang-ayon
 7. d
 8. d
 9. a
 10. a
- B. Alamin Mo...
1. pagkakapantay-pantay
 2. walang kinikilingan
 3. katarungan
 4. batas
- (Hindi kinakailangang sunud-sunod.)
3. Linangin Mo...
- a Pagsusuring Panglinggwistika
1. binabawi, babawiin
 2. saka
 3. tinungkod
 4. ay
 5. umuwi
- b. Pagsusuring Pangnilalaman
1. DM
 2. M
 3. M
 4. DM
 5. M
- c. Pagsusuring Pampanitikan
1. 4 wala
 2. 4 may realismong pananaw
 3. 4 may realismong pananaw
 4. 4 wala
 5. 4 may realismong pananaw
 6. 4 may realismong pananaw
 7. 4 may realismong pananaw
- d Halagang Pangkatauhan
1. may natataas na posisyon dahil sa palakasan
 2. dahil sa may mga tao paring labis na mapang-api sa kapwa

3. ang lahat ng kasamaan ay may katapusan
 4. sapagkat may mga taong ipinakikipaglaban ang karapatan
 5. sapagkat may mga taong may paninindigan
4. Palalimin Mo...
1. pandamdamin
 2. pandamdamin
 3. pandamdamin
 4. pandamdamin
 5. pangkaisipan
 6. pangkaisipan
 7. pandamdamin
 8. pandamdamin
5. Gamitin Mo...
1. mapaghalaga sa gawain
 2. matibay ang paninindigan
 3. mapagpunyaging ama
 4. mapagmahal na ama
 5. matapang na tao
6. Sulatin Mo...
1. Ang kapalarang mangyari kina Tata Selo at Kabesang Tales ay halos magkatulad.
 2. Sa dahong huli, sumanib sa mga tulisan Kabesang Tales samantalang si Tata Selo naman ay ibinibilanggo dahil sa pagkapatay kay Kabesa.
 3. Parehong inagaw ang kani-kanilang lupang pinagyaman.
 4. Ang dalawa ay parehong naging biktima ng pagsasamatala.
 5. Naembargo ang lupa ni Tata Selo sa kamay ng Kabesa samantalang si Kabesang Tales ay kumuha ng korporasyon ng mga prayle.
 6. Namusakan bilang katulong si Huli kay Hermana Penchang samantlang si Saling naman ay nagpaalila kay Kabesang Tano.
 7. Si Huli ay hinalay ni Pari Camora at si Saling naman ay sa kamay ng Kabesa at ng Alkalde.
7. Lagumin Mo...

1. Tata Selo
 2. Saling
 3. Realismo
 4. Rogelio R. Sikat
8. Subukin Mo...
1. c
 2. a
 3. c
 4. sang-ayon
 5. di sang-ayon
 6. sang-ayon
 7. b

8. b
 9. d
 10. a
9. Paunlarin Mo...
1. Ang lupa ay kayamanan sa isang magsasaka.
 2. Ang pagmamalabis sa kapangyarihan ay masama.
 3. Igalang ang karapatang pantao ng mamamayan
(Iwasto mo ang iyong mga sagot basta magkatulad ang diwa.)

Susi sa Pagwawasto
Sa Bagong Paraiso

1. Alamin Mo...

1. kainosentehan
kawalang-
muwang
kawalang-malay
2. adhikain
pangarap
mithiin
3. nagbibiruan
nagtutudyuhan
nagtutuklasan
(Hindi
kinakailangang sunud-sunod
ang bilang.)

3. Linangin Mo...

- a. Pagsusuring
Panlinggwistika
Paraiso
 1. kaligayahan
 2. pag-ibig
 3. Diyos
 4. Langit
 5. katahimikan
- Sa Bagong Paraiso
 1. paglaya
 2. pagkamulat
 3. pagdadalaga
 4. pagbibinata
 5. pagkakaroon ng
malisya
(Hindi
kinakailangang sunud-
sunod.)
- b. Pagsusuring
Pangnilalaman
 1. may kakaunting
paliwanag sa nangyari sa

- mga tauhan sa hulihan ng
kuwento
2. nailalarawan nito
ang kawalang-malay
 3. naipakitang di
dapat tularan ang masama

c. Pagsusuring

Pampanitikan

- 1.
- 2.
- 3.
- 4.
- 5.
- 6.
- 7.
- 8.
- 9.
- 10.

d. Halagang

- Pangkatauhan
1. mahihinto, di
makapagpatuloy
 2. di matatamo,
mabibigo
 3. mapapasama sa
masasamang barkada
 4. mapapariwara,
maliligaw ng landas
 5. maaaring di
makakilala ng tama

4. Palalimin Mo...

1. sang-ayon
2. di sang-ayon
3. sang-ayon
4. di sang-ayon
5. sang-ayon
6. sang-ayon

7. sang-ayon

5. Gamitin Mo...

1. a
2. c
3. a
4. a
5. c

6. Sulatin Mo...

1. gawin itong
patnubay
2. walang hanggang
ligaya

7. Lagumin Mo...

1. b
2. e
3. f
4. a
5. d

8. Subukin Mo...

1. a
2. c
3. d
4. b
5. c
6. d
7. c
8. c
9. b
10. c

9. Paunlarin Mo...

(Iwasto ang iyong sagot ng
mag-aaral kung makabuo ka
ng 3 pangungusap batay sa
panuto.)